Dünya Endüstri İşçileri - Kıbrıs

Industrial Workers of the World - Cyprus

Βιομηχανικοί Εργάτες του Κόσμου - Κύπρος

# THINK IT OVER

# ΣΚΕΨΟΥ ΤΟ

# ISIPIN ITO

## Filipino

Dünya Endüstri İşçileri - Kıbrıs

**Ano ang Industrial Workers of the World (IWW)?**

Ang Industrial Workers of the World (IWW) ay isang samahan ng mga manggagawa (labor union) na may mahabang kasaysayan. Ito ay nabuo sa Estados Unidos noong 1905 at may mga kasapi sa maraming bansa sa buong mundo. Ang mga kasapi nito ay tinatawag na Wobblies, at tinatawag nila ang isa't isa na Fellow Worker (FW).

**IWW–Cyprus?**

Ang unang mga Wobblies ay dumating sa Cyprus noong 2019, at nabuo ang Cyprus Regional Organising Committee (CyROC) noong 2023. Ang IWW CyROC ay hindi pa kinikilalang opisyal na unyon sa Cyprus. Ngunit kapag sumali ang isang manggagawa sa CyROC, nagiging miyembro siya ng Wales Ireland Scotland England Regional Administration (IWW WISERA), na isang opisyal na unyon sa UK.

**Ano ang mga pangunahing prinsipyo nito?**

Ang mga pangunahing prinsipyo at layunin ng organisasyon ay makikita sa maikling panimula ng kanilang Konstitusyon, na halos hindi nagbago mula noong 1905:

**"Ang uring manggagawa at ang uring may-ari ng negosyo ay walang pagkakapareho.**
**Walang tunay na kapayapaan hangga't may gutom at kakulangan sa buhay ang milyun-milyong manggagawa, habang ang iilan na kabilang sa uring may-ari ay may lahat ng magagandang bagay sa buhay.**
**Sa pagitan ng dalawang uring ito, magpapatuloy ang laban hanggang ang mga manggagawa sa buong mundo ay magkaisa bilang isang uri, angkinin ang mga paraan ng produksyon, wakasan ang sistemang pasahod, at mamuhay nang may pagkakaisa sa Kalikasan.**
**Nakikita namin na ang pag-ipon ng pamamahala ng mga industriya sa iilan lamang ay nagpapahina sa kakayahan ng mga unyon na labanan ang lumalakas na kapangyarihan ng uring may-ari.**
**Ang mga unyon ay minsan nagiging dahilan upang mag-away ang mga manggagawa sa loob ng iisang industriya, kaya sila-sila rin ang natatalo sa laban sa sahod. Bukod dito, tinutulungan ng mga unyon ang uring may-ari na**

**iligaw ang mga manggagawa ang paniniwala na ang uring manggagawa ay may parehong interes sa kanilang mga amo.**

**Ang mga kundisyong ito ay maaaring baguhin, at ang interes ng uring manggagawa ay mapapangalagaan lamang sa pamamagitan ng isang organisasyon na binuo sa paraang ang lahat ng kasapi sa isang industriya—o sa lahat ng industriya kung kinakailangan—ay sabay-sabay na titigil sa trabaho kapag may welga o lockout sa alinmang bahagi nito. Sa ganitong paraan, ang pananakit sa isa ay pananakit sa lahat.**

**Sa halip na konserbatibong motto na "Isang makatarungang sahod para sa isang makatarungang trabaho," dapat nating ilagay sa ating bandila ang makabagong panawagan na "Pagwawakas ng sistemang pasahod." Makasaysayang tungkulin ng uring manggagawa na wakasan ang kapitalismo. Ang hukbo ng produksyon ay dapat maayos na maorganisa, hindi lamang para sa araw-araw na laban sa mga kapitalista, kundi pati para ipagpatuloy ang produksyon kapag ang kapitalismo ay napabagsak na. Sa pag-oorganisa sa industriya, binubuo natin ang balangkas ng bagong lipunan sa loob ng lumang sistema."**

**Paano ito gumagana sa aktwal na paraan?**

Ang IWW-CyROC ay isang organisasyong pinamumunuan ng mga kasapi at binubuo ng mga boluntaryo. Tinutulungan nito ang mga manggagawa na tulungan ang kanilang sarili—sa pamamagitan ng pagbibigay ng gabay, impormasyon, mga paraan, at pangkalahatang suporta sa mga manggagawang nais mag-organisa laban sa kanilang mga amo.

May pangkalahatang pagpupulong ng mga kasapi bawat buwan, kung saan lahat ay inaanyayahang makilahok sa paggawa ng mga desisyon.

Ang mga taong namamahala sa araw-araw na gawain ng organisasyon ay inihahalal isang beses kada taon.

Lahat ng ginagawa ng organisasyon ay 100% bukas at malinaw—may newsletter para lamang sa mga kasapi na inilalabas isang beses kada buwan na naglalaman ng lahat ng impormasyon.

Ang lahat ng detalye kung paano gumagana ang organisasyon ay makikita sa Konstitusyon at Internal Rules, na bukas para sa lahat online sa aming website: https://www.iww.cy/materials/texts/constitution-and-internal-rules/

**Ano ang mga tungkulin ng mga kasapi?**

Pangunahing tungkulin ng bawat kasapi ang sumunod sa mga patakaran na nasa Konstitusyon at Internal Rules, at huwag labagin ang mga desisyon ng General Assembly. Hindi rin sila dapat manghimasok sa hindi patas na paraan sa gawain ng mga katawan ng CyROC.

Isa ring mahalagang tungkulin ng bawat kasapi ang siguraduhing nababayaran nila ang kanilang buwanang kontribusyon (dues) sa tamang oras. Ang bayad para sa bawat buwan ay kailangang gawin sa loob ng unang linggo ng buwan (ika-1 hanggang ika-7 araw).

Ang bayarin (dues) ay itinakda tulad ng sumusunod:

i. Para sa mga kasapi na may buwanang netong sahod na higit sa €1500.00 → €15

ii. Para sa mga kasapi na may buwanang netong sahod na €1000.00 – €1500.00 → €10

iii. Para sa mga kasapi na may buwanang netong sahod na €500.00 – €999.00 → €5

iv. Para sa mga kasapi na may buwanang netong sahod na mas mababa sa €500.00 → €2

v. Para sa mga walang trabaho o self-employed na kasapi → €1

**Sino ang maaaring sumali sa IWW?**

Maaaring sumali ang mga sumusunod:

mga manggagawang may sahod, walang trabaho o retiradong manggagawa, mga estudyante, apprentices, mga gumagawa ng walang bayad na gawaing bahay, mga preso, at mga solo self-employed na manggagawa.

Ngunit hindi maaaring sumali ang mga amo o empleyado na may direktang kapangyarihan sa pagkuha at pagtanggal ng manggagawa (management), mga opisyal ng pulis o law enforcement na sertipikado ng gobyerno, at mga prison guard.

**Paano sumali sa IWW-CyROC?**

May dalawang paraan ng pagsali:

1) Mag-sign up nang mag-isa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa aming website:
https://www.iww.cy/join/

2) Makipag-ugnayan sa amin upang kami ang mag-sign up para sa iyo. Maaari kaming kontakin sa pamamagitan ng:
Email: info@iww.cy
Social media: Facebook (facebook.com/iwwcyprus) at Instagram (instagram.com/iww_cyprus/)
Text o message sa +357-99748830 (SMS o WhatsApp / Signal / Viber)

**Paalala: Kailangan ang may valid na email address upang maging miyembro.**

# ANG PINSALA SA ISA AY PINSALA SA LAHAT

Dünya Endüstri İşçileri - Kıbrıs

Industrial Workers of the World - Cyprus

Βιομηχανικοί Εργάτες του Κόσμου - Κύπρος

# THINK IT OVER

# ΣΚΕΨΟΥ ΤΟ

# ISIPIN ITO

## Filipino

Dünya Endüstri İşçileri - Kıbrıs